



PANGKALAHATANG-IDEYA para sa Mga Pamilya ng Kindergarten

Binago noong 3/15/2017

Mahalaga ang Kahandaan sa Kindergarten

Ang pagkatuto ng isang bata sa mga larangan tulad ng wika at pagbabasa't pagsusulat, matematika, at paglinang sa pakikipag-ugnayan at emosyon, at ang paglinang sa mga kakayahan niya tulad ng pagiging mausisa, malikhain, at matiyaga ay makakatulong na mas maging handa ang bata para sa pagtatagumpay sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga indibidwal na lakas, kahinaan, at katangian ng mga mag-aaral pagkatungtong nila sa kindergarten, magagawa ng mga guro at pamilya na gumamit ng diskarteng batay sa mga lakas, na magsisimula sa kung ano na ang alam at kayang gawin ng mga bata. Nakakatulong ang Kindergarten Individual Development Survey (Survey sa Indibidwal na Pag-unlad sa Kindergarten) (KIDS) sa mga guro na mas maunawaan ang kanilang mga mag-aaral at pinahuhusay nito ang kanilang pagtuturo. Ang magandang karanasan sa kindergarten ay nagsisilbing pundasyon ng pagkatuto at pag-unlad ng isang bata sa paaralan.

Nakakatulong ang KIDS sa Mga Guro, Bata, at Pamilya

Nakakatulong ang KIDS sa mga guro na maunawaan ang mga kakayahan at ugali na naobserbahan nila sa mga bata na kakasimula lang sa kindergarten. Nakatutok ang KIDS sa mga kakayahan at kahusayan na napakahalaga para sa pangmatagalang pagtatagumpay ng isang bata. Makakatulong din ang impormasyon mula sa KIDS sa mga pamilya na madagdagan ang nalalaman tungkol sa kung ano ang natututunan ng kanilang anak sa kindergarten at kung ano ang magagawa nila sa bahay upang patuloy na masuportahan ang malusog na paglaki at pag-unlad ng kanilang anak.

Sa mga nakalipas na taon bago ang 2017, gumagamit ang mga distrito ng paaralan sa Illinois ng iba't ibang pamamaraan upang maunawaan kung kumusta ang mga bata kapag pumasok sila sa kindergarten. Bilang resulta, hindi ganap na nauunawaan ng mga guro at policymaker kung kumusta ang mga mag-aaral sa Illinois hanggang makatungtong sila sa ikatlong baitang, kaya mahirap na tiyaking nakakakuha ng naaangkop na suporta ang bawat bata bago pumasok ng kindergarten.

Sa unang pagkakataon sa Illinois, simula sa 2017-2018, makapagbigay ang KIDS ng nakasentro at pambuong estado na ulat sa kahandaan sa kindergarten ng lahat ng mag-aaral, anuman ang kanilang zip code. Magsusulong ito ng kolaborasyon sa lahat ng baitang, na makakatulong sa mga distrito na padaliin para sa mga pamilya at mga bata ang paglipat sa kindergarten mula preschool at child care.

Ang pinagsama-samang impormasyon mula sa KIDS ay mapupunta sa State Board of Education upang maipalamin nito sa mga advocate at policymaker kung paano pinakamainam na iangkop ang mga sanggunian upang pinakamahusay na mapagsilbihan ang mga pamilya at mga bata.

Para sa Higit Pang Impormasyon

Makipag-usap sa guro ng inyong anak sa kindergarten, o tingnan ang mga sanggunian sa www.isbe.net/KIDS.

PAANO GINAGAMIT ANG KIDS:

- Simula sa Taglagas ng 2017, gagamitin ng lahat ng guro sa kindergarten ang KIDS tool upang obserbahan ang mga mag-aaral ayon sa 14 na panukat sa apat na larangan ng pagkatuto sa loob ng unang ilang linggo ng pag-aaral. Kabilang sa mga ito ang:
 - Mga Diskarte sa Pagkatuto at Pagtitimpi
 - Paglinang sa Pakikipag-ugnayan at Emosyon
 - Paglinang sa Wika at Pagbabasa't Pagsusulat
 - Cognition: Matematika
- Mag-oobserba habang ang mga bata ay naglalaro, gumagawa, at pumipila, at sa iba pang bahagi ng regular na araw sa paaralan. Malamang na hindi mapansin ng mga bata na nag-oobserba ang mga guro.
- Gagamitin ng mga guro ang mga obserbasyon upang iayon ang mga kakayahan ng bawat bata sa isang learning pathway. Ilalagay ang impormasyon sa isang secure na online system na tinatawag na KIDStech.
- Sasailalim ang mga guro at distrito sa prosesong ito kahit isang beses bawat taon, ngunit maaari nilang piliing maglagay ng mga obserbasyon nang mas madalas o sa mas maraming larangan ng pag-unlad.